

Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*

# *MGA KAALAMANAN:* ***Mga highway***

## Mathilda Avenue Improvements sa SR 237 at US 101

### Malawakang Pananaw

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan sa City of Sunnyvale at sa Department of Transportation (Caltrans), ay nagmumungkahi na baguhin ang kumpigurasyon ng US 101/Mathilda Avenue interchange at gawan ng modipikasyon ang State Route 237 (SR 237)/ Mathilda Avenue interchange sa pagitan ng Almanor Avenue/Ahwanee Avenue at Innovation Way sa City of Sunnyvale.

### Layunin

Ang layunin ng proyektong ito ay mabawasan ang ang trapiko at pahusayin ang daloy ng trapiko sa Mathilda Avenue para sa lahat ng uri ng paglalakbay kabilang ang mga pedestrian, nakabisekleta at nakasakay sa transit, at magbigay ng mas mainam na akses sa mga lokal na destinasyon at pangunahing sentro ng pagtatrabaho sa kabuuan ng City of Sunnyvale.

### Mga Katangian ng Proyekto

Kasama sa mungkahing pagsasaayos, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Gawin ang disenyong “Complete Street” sa US 101/Mathilda interchange sa pamamagitan ng pagbago ng kumpigurasyon ng freeway sa mismo at sa labas ng rampa na perpendikular sa Mathilda Avenue at paglalagay ng dalawang (2) bagong ilaw ng trapiko sa mismo at sa labas ng interseksiyon ng mga rampa
- Palaparin ang Mathilda avenue para makapagbukas ng tatlong (3) walang patid na mga lane sa bawat direksiyon
- Magbigay ng mga nakalaang pasilidad para sa bisekleta at walang patid na bangketa sa Mathilda Avenue
- Gawan ng modipikayon ang kasalukuyan ilaw ng trapiko sa Mathilda Avenue sa Ross Drive, SR 237 eastbound sa mismo at labas ng mga rampa at interseksiyong SR 237 westbound/ Moffett Park Drive
- I-realign ang SR 237 westbound na off-ramp na ipagpatuloy patawid sa Mathilda Avenue at papuntang Moffett Park Drive sa pamamagitan ng pagtatanggal ng bahagi ng Moffett Park Drive sa pagitan ng Bordeaux Drive at Mathilda Avenue
- Maglagay ng bagong ilaw ng trapiko sa Bordeaux Drive/Innovation Way
- Maglagay ng bagong multi-purpose trail sa Moffett Park Drive na nagdurugtong sa dati nang pedestrian overcrossing sa Borregas Avenue at aabot hanggang sa Innovation Way na malapit sa SR 237
- Maglagay ng mga kasangkapang babala (warning devices), mga sumisinag na ilaw (flashing lights), at bumubukas na gate (swing gates) para sa bagong pedestrian access patawid sa dati nang Tasman Light Rail tracks sa interseksiyong Moffett Park Drive/Innovation Way

*itutuloy*


***Project Funding Partners***

Valley Transportation Authority

Sunnyvale

Caltrans

SB1 Rebuilding California




## Kapital na Halaga/Pondo ng Proyekto

Tinatayang nagkakahalaga ng $42 milyon ang proyekto at pinondohan ng pinagsamang lokal, 2016 Measure B at Senate Bill (SB) 1, (Road Repair and Accountability Act of 2017) sa pamamagitan ng Local Partnership Program (LPP) na kompetetibong programa

## Iskedyul ng Proyekto

| | |
|---|---|
| Aprobasyong Pangkapaligiran: | 2016-2017 (Tapos Na) |
| Natapos Ang Disenyo: | 2017-2018 |
| Paggawa sa Proyekto: | 2019-2020 |

## Paano Maaaring Makipag-Ugnayan sa Amin

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa Mathilda Avenue Improvements at SR 237 and US 101 Project, mangyaring tumawag sa Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, (TTY) para sa may kapansanan sa pandinig (408) 321-2330. Maaari rin kayong bumisita sa amin sa web sa *www.vta.org/mathildaimprovements* o magpadala ng email sa amin sa *community.outreach@vta.org.*